


Ipinagbabawal na mga single-use plastic sa Victoria

Filipino | Filipino



Ang polusyon na dulot ng plastic ay nakakapinsala sa ating kapaligiran at wildlife (mga ligaw na hayop)

Ang mga single-use plastic (pang-isahang gamit na plastic) ay sangkatlong bahagi ng mga basurang nakikita natin sa ating kapaligiran at mahirap at magastos linisin.

Ang mga ito ay kadalasang ginagamit lamang sa loob ng ilang minuto at lumilikha ng maraming basura na mahirap i-recycle. Maaari nitong dumihan ang ating kapaligiran gaya ng ginagawa ng mga karaniwang plastic.

Ang mga plastic na degradable at maaaring gawing compost ay kadalasang nangangailangan pa rin ng espesyal na pagproseso. Lahat ng uri ng plastic ay maaaring makasama sa kapaligiran kapag nakakalat.

Ang ilang mga single-use plastic ay ipinagbabawal na ngayon

Ang sumusunod na single-use plastic na mga bagay ay ipinagbabawal na ibenta o i-supply sa Victoria:

- ✗ **Mga drinking straw**
- ✗ **Mga kubyertos** kabilang ang mga kutsilyo, tinidor, kutsara, chopstick, sporks, splades, food pick at sporks
- ✗ **Mga plato**
- ✗ **Panghalo ng inumin**
- ✗ **Mga cotton bud stick**

✗ Mga expanded polystyrene na pang-silbi ng pagkain at mga lalagyan ng inumin kasama ang:

- mga plato
- mga cup
- mga mangkok
- mga clam shell na plastic
- mga takip o panakip.

Ang ipinagbabawal na single-use plastic ay niyaring lubos sa plastic o ang bahagi nito ay plastic at hindi na muling magagamit.

Tumutukoy ang pagbabawal sa mga plastic na biodegradable, degradable at maaaring gawing compost.

Ang mga bagay na magagamit muli ay ang mga niyari para magamit nang paulit-ulit sa maraming okasyon at may kasamang warranty, o iba pang nakasulat na representasyon mula sa tagagawa, na ang mga ito ay dinisenyo para tumagal nang mga isang taon.

Hindi isang paglabag ang magbenta, mag-supply, mamahagi, o magbigay ng single-use plastic drinking straw kung ang isang tao ay makatwirang naniniwala na ang taong humihiling nito o ang tao/entidad na kumakatawan sa kanya ay nangangailangan nito dahil sa kapansanan o medikal na pangangailangan.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Bahagi 5.5 ng **Mga Regulasyon sa Pagprotekta sa Kapaligiran 2021 (Environment Protection Regulations 2021)**.



epa.vic.gov.au/plastics

Mayroong ilang mga eksepsyon sa pagbabawal

Ang mga eksepsyon sa pagbabawal ay para sa mga partikular na dahilang pangkalusugan at pangkaligtasan, o kung walang makukuhang iba pa.

Mayroong 4 na eksepsyon para sa paggamit ng mga single-use plastic:

- ✓ **Mga cotton bud stick para sa pagsusuri** na isinasagawa para sa mga layuning pang-agham, medikal, forensic o sa pagpapatupad ng batas
- ✓ **Mga kubyertos, kung kailangan, sa mga bilangguan at pasilidad ng kalusugang pangkaisipan** upang maiwasan ang masaktan nang pisikal o mapinsala
- ✓ Hanggang Nobyembre 1, 2024 **mga platong yari sa papel o karton na may lining na plastic**
- ✓ Hanggang Enero 1, 2026 **anumang single-use plastic na bagay na isinama sa pagbabalot ng pagkain o inumin gamit ang awtomatikong pagproseso sa makina.** Halimbawa, single-use plastic na kutsara na kasama sa isang yoghurt tub.

Maaaring nais mong bigyan ang iyong supplier ng nakasulat na pahayag na gumagamit ka ng mga bagay ayon sa [mga Regulasyon](#).

Ang kailangan mong gawin

Tumutukoy ang pagbabawal sa lahat ng negosyo at organisasyon kabilang ang:

- **Mga organisasyong hindi pinagkakakitaan**
- **Mga sports club**
- **Mga paaralan**
- **Iba pang mga pinagsama-samang entidad**
- **Mga restoran, cafe at iba pang tindahan ng pagkain**
- **Mga convenience store.**

Maliban sa mga eksepsyon na nakalista sa itaas, labag sa batas na:

- Magbenta, mag-supply, mamahagi o magbigay ng mga ipinagbabawal na single-use plastic sa Victoria
- Magbigay ng hindi totoo o mapanlinlang na impormasyon tungkol sa yari ng mga ipinagbabawal na bagay.

Kung mayroon kang natitirang stock ng mga ipinagbabawal na bagay na binili bago Pebrero 1, 2023, maaari mong:

- Kontakin ang iyong supplier upang malaman kung nag-aalok sila ng mga palitan o credit para sa mga kapalit na hindi bawal
- Kontakin ang isang lokal na recycler upang malaman kung maaari silang mag-recycle ng maraming-marami.

Hindi mo maaaring ilagay ang mga bagay na ito sa mga recycling bin.

Nakikipagtulungan kami sa mga negosyo para tulungan silang maunawaan ang pagbabawal. Nakipagkita na kami sa mahigit 6,500 retail at hospitality na negosyo sa buong Victoria.

Gumagawa kami ng paunti-unting pamamaraan sa pagsunod, nakatuon ang aming pagsisikap kung saan kami makakagawa ng pinakamalaking pagbabago. Kapag ginagamit namin ang aming mga tool sa pamamalakad, tinitiyak namin na nakatutok ang mga ito sa problema at ninanais na resulta.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang aming [patakaran sa pagsunod at pagpapatupad](#).

Kung hindi ka susunod sa pagbabawal, maaari kang multahan ng hanggang \$11,095.20 para sa mga indibidwal o hanggang \$55,476 para sa mga body corporate.

Ang mga pagbabawal ay magkakaiba sa bawat estado. Responsibilidad mong unawain at sundin ang batas ng Victoria. Kung nagnegosyo ka sa labas ng Victoria, suriin ang mga batas ng bawat estado.



epa.vic.gov.au/plastics